Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# *Modyul 10*

## *Pagpapahayag ng Kaalaman sa mga Tekstong Narativ at Informativ*

# Modyul 10
# Pagpapahayag ng Kaalaman sa mga Tekstong Narativ at Informativ



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal na mag-aaral, siguro ay alam mo ang kahalagahan ng wika sa paghahatid ng informasyon. Sa pamamagitan ng wika tulad ng Filipino, naililipat sa iyo, bilang mambabasa, ang mayamang kaalaman tungkol sa iba't ibang paksang malapit sa iyo kabilang ang edukasyon at kabuhayan, dalawang mahahalagang kaisipan. Gayundin ang usaping kalakalan at istatistiks at ang mga pagpapaliwanag na taglay ng teksto. Maaaring gumamit ng salita at pangungusap, maaaring gumamit ng mga bilang at numeriko o istatistiks sa paraaang pasulat o pasalaysay. Importanteng maging alerto ka sa mga paraan ng wika sa paghahatid sa iyo ng mga kaalaman sa pamamagitan ng modyul na ito.

Tiyak sa aktibo mong pagtugon sa mga kahingian ng bawat aralin, marami kang matutuhang bago, kundi man, karagdagan sa dati mo nang alam.





## Ano ang matututunan mo?

Pagkatapos ng pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. nakapagpapakahulugan sa mga salita/pangungusap, gayundin sa mga numeriko para matukoy ang dami/lawak, tiyak/di tiyak at lokasyon/direksy
2. natutukoy ang mga tekstong informativ at narativ
3. nabibigyan ng kahulugan ang mga salita sa tulong ng konteksto
4. nabibigyang-kahulugan ang mga informasyong ipinahihiwatig ng dayagram, graf, tsart, *concept web*
5. naibabahagi ang sariling karanasan o observasyon mula sa binasa

Huwag kang malula sa haba ng listahan. Ituring itong hamon sa iyong talino, sipag at tiwala sa sariling kakayahan.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tandaan na ang materyal na inihanda para sa iyo ay tumutulong na umunlad ka batay sa sariling sikap at kakayahan. May ilang direksyong ipinaalala sa iyo para maging tagumpay ang pag-aaral mo. Nasa ibaba ang ilang panutong dapat mong sundin.

1. Maaari mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito sa loob at/o labas ng silid-aralan batay sa panahon at pangangailangan mo. Ingatang mapanatiling malinis at walang pilas ang mga pahina nito.

2. Basahing mabuti ang bawat bahagi at unawain kung ano ang hinihingi o ipinapagawa ng mga ito.

3. Sagutin ang panimulang pagsubok. Hindi inaasahang masasagot mo nang wasto ang lahat ng tanong. Gawain ito para malaman at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksa at wika.

4. May 3 aralin ang modyul at may laya kang balikan ang araling inaakala mong hindi pa sapat ang kasanayang hinihiling sa iyo.

5. Isulat sa hiwalay na papel ang mga sagot mo sa bawat aralin. Huwag susulatan ang modyul.

6. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Makukuha sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Lagyan ng tsek (/ ) kung wasto ang sagot; ekis ( x ) kung mali.

7. Maging tapat sa sarili. Ang modyul na ito ay laan para sa sariling pagkatuto.

8. Pagkatapos ng pag-aaral mo sa modyul na ito, ibigay ito kasama ang iyong papel ng mga sagot sa iyong guro. Handa ka na ba sa unang gawain?

   Sige, magsimula ka na.

   Teka, gusto mo bang matiyak kung gaano na ang alam mo sa mga aralin ng modyul? Magpasimulang pagsubok ka muna.



# *Ano na ba ang alam mo?*

Alamin muna natin kung kailangan mo pa ang modyul na ito. Sagutan mo ang panimulang pagsusuliot na ito.

A. Kahulugan ng Salita sa Konteksto Nito

Piliin ang tamang kahulugan ng salitang may salungguhit mula sa kahon sa ibaba. Tandaang sa hiwalay na papel isulat ang mga sagot.

1. Napapatulala sa problema ang ibang tao dahil parang walang solusyon para dito.

2. Kaya ako nag-aaral kasi ayokong matawag na kawawang mangmang.

3. Dapat ay may pinag-aralan ka at nang hindi ka apak-apakan ng iba.

4. Sinisiyasat ang *lifestyle* ng mga politiko tulad ng pag-alam sa kanilang ari-arian at negosyo para malaman ang may maluhong pamumuhay.

5. Isang narativ ang telenobela, kaiba sa isang editoryal sa dyaryo.

| | |
|---|---|
| aapihin | di nakapag-aral |
| kuwento | matipid |
| napapatunganga | magastos |

B. Tekstong Informativ at Narativ

Isulat ang **N** kung narativ o pasalaysay ang bawat bilang; isulat naman ang **I** kung informativ.

____ 1. Kaylungkot ng kabukiran. Kung maiiwan lamang niya ang pagpapaani ay iniwan na sana. Kinabukasan din ay aalis siya upang magbalik sa masayang Maynila.

____ 2. Ayon sa DOLE naragdagan ang empleyado sa malalaking korporasyon sa Pilipinas.

____ 3. At si Andong ay nagbalik uli sa dating kalagayan. Minsa'y dumulog sa dating pinagtratrabahuhan, nagmamakaamong papasukin muli, ngunit hindi nangangailangan ng tao kaya siya'y hindi natanggap.

____ 4. Ang kauna-unahang international master sa chess sa Asya ay isang Pilipino. Siya si Rodolfo Cardoso na tubong Anda, Pangasinan.

____ 5. Isang pangunahing dahilan sa pagtaas ng halaga ng langis ay ang pang-ekonomiyang paglawak ng China na nagpadagdag sa pangangailangan ng langis sa daigdig. Tumataas din ang paggamit sa India at patuloy na nakikihati sa Asya ang Estados Unidos para sa suplay.

____ 6. Patuloy na naghintay si Leonora sa pagbabalik ng minamahal na prinsipe.

____ 7. Grabe ang air pollution at dapat lamang na hindi na mag-atubili ang pamahalaan sa pagpapatupad ng Clean Air Act.

____ 8. Sinusuri pa rin ng DepEd ang mga librong may maling informasyon. Magpupulong muli ang mga ebalweytor ng mga materyal na panturo sa susunod na linggo. Pagkatapos, gagawa ng mga hakbang ang pamunuan para hindi na maulit muli ang nangyari.

____ 9. Tatlong Filipino pupil ang nagwagi sa isang world painting competition sa Athens, Greece at tumanggap ng mga medalya ng karangalan. Mapapalad na nakapag-uwi ng medalya sa naganap na 10th International Exhibition of Childrens' Painting sa Athens, ayon sa Department of Foreign Affairs.

___ 10. Nagtapos ako sa Cecilio Apostol Elementary School. Ang tatay ko'y taga-Hagonoy, Bulacan. Magaling mag-Tagalog ang tatay ko; ang mga lolo ko, ang Impong Paciang ko, naku, ang ganda-gandang managalog.

C. Salita/Parirala na Nagpapahayag ng Dami/Lawak, Lokasyon/Direksyon

Basahin ang bawat bilang. Piliin ang mga salita/parirala na pahayag ng dami o lawak at markahan ng **Dami** o **Lawak**, ang mga salita/parirala na nauugnay sa lokasyon o direksyon na mamarkahang **Lokasyon** o **Direksyon**. Pagkatapos, uriin ang bawat sagot kung ekspresyong **tiyak** o **di tiyak**. Maaaring higit sa isang sagot bawat ekspresyon ang makikita.

Sundin ang halimbawang ito.

***May minanang lupaing 10 hektarya ang magulang nina Kyla at Marty.***
Sagot: 10 hektarya – Dami/Lawak, tiyak.

1. Kung ang mga nagrarali hindi man lang makatuntong sa Chino Roces Bridge sa Mendiola, Maynila kahapon, tinulak ni Fr. Robert Reyes, ang running priest, ang kanyang kaisa-isang kariton sa Mabini Hall ng Malacañang.

2. Nagtala ng 1.9 porsyentong pagtaas sa lakas-paggawa ang 3,300 na pinakamataas na korporasyon sa Metro Manila mula Abril hanggang Hunyo, 2004.

3. Sinakop ng serbey mula Hulyo hanggang Agosto ang 500 kumpanya, ngunit 476 lang ang tumugon.

4. Ayon sa Alliance of Concerned Teachers, sa isang taon ay aabot sa 60,000 ang pagkukulang sa mga guro at humigit-kumulang na 50,000 naman sa silid-aralan, batay sa inilabas ng DepEd sa budget hearing ng kongreso.

5. Mas mataas daw ito kaysa kakulangan ng kasalukuyan 39,535 na guro at 51,947 na klasrum.

6. Ang kakulangan ng klasrum at titser ay mangangahulugan ng dalawang bagay sa edukasyon – mas malalaking bilang ng estudyante bawat klasrum at mas maraming oras ng pagtatrabaho. Magiging larawan ito sa iba't ibang rehiyon sa bansa.


7. Sa ganitong hinaharap importante rin na matuto ang lahat ng mag-aaral na maging malikhain sa dalawahan o magkakapares na pag-aaral o kung kaya ay pangkatan. Ang bawat sulok ay paaralan ay gawing aralan.

8. Alam mo ba na ang dengue, kilala ring "Breakbone Fever", ay isang viral infection na matatagpuan sa 100 bansa at nagdudulot ng mga kalahating milyong pasyente sa pagkarami-raming hospital. Nagdudulot din ito ng milyun-milyong kamatayan bawat taon.

9. Ayon sa National Epidemiology Center, may 2,332 kaso ng dengue sa loob ng unang anim na buwan sa taong 2004 na inireport sa mga hospital sa buong bansa.

10. May pinakamaraming kaso ng dengue sa NCR, Rehiyon III, Rehiyon V at Rehiyon VII. Ang mga nabibiktima ng epidemyang ito ay 'yung nasa edad 1 buwan hanggang 75 taon.

D. Ang *concept webbing* ay isang paraan ng paghahatid ng mensahe sa biswal na paraan. Ilipat ang mensaheng hatid nito sa anyong talataan. Nasa loob ng bilog ang panlahat na paksa.



Makukuha mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo pang pag-aralan ang modyul na ito.

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

## Sub-Aralin 1:

### Paggamit ng mga Salitang Nagpapahayag ng Dami o Lawak, Direksyon o Lokasyon sa Tekstong Informativ

Layunin: Sa pamamagitan ng sub-araling ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. natutukoy at nagagamit ang mga salita/parirala ng dami o lawak, lokasyon o direksyon sa tiyak o di tiyak na ekspresyon

2. naipapaliwanag ang mga istatistiks sa simpleng paraan

3. natutukoy ang panlahat at tiyak na datos sa isang pagpapahayag

4. nauuri ang mensaheng informativ

**Alamin**

Nababahala na ang sambayanan sa paglaki ng populasyon. Nagsusulong pa nga ang isang grupo ng mambabatas na magpanukala ng *2 – child policy*. Alam mo ba ang kahulugan nito? Hanggang dalawa lang ang dapat mong maging anak. May mga tumutol dito. Ang sabi ng ilan, yaman daw ang mga anak at kaloob ng Maykapal. Sino kaya ang may katuwiran?

Alamin natin sa kasunod na teksto.

**Linangin**

Talaga bang dapat na mabahala ang bayan sa kalagayan ng populasyon? Basahin mo ang teksto sa ibaba at nang malaman mo.

**"Ang Paglaki ng Populasyon at Trabaho"**

Mayroong mahigit na 60 milyong tao sa ating bansa batay sa census noong 1995. Sa taong 2004, may 82 milyon na tayo sa Pilipinas. Ang National Capital Region, Central Luzon at Southern Tagalog ang mga rehiyong may pinakamalaking populasyon na bumubuo sa 37% ng buong populasyon ng Pilipinas. Ang mga rehiyong may pinakamaliit na populasyon ay ang Cordillera Autonomous Region, Autonomous Region ng Muslim Mindanao at Rehiyon X11.

Ang mga taong nasa larangan ng produksyon o paggawa ay siyang bumubuo sa mahigit sa kalahati ng populasyon ng bansa. Samantala, ang mga kabataan ay may 40% at ang mga elderly ay nasa 3%.

Sa taong 1995 pa rin, itinuturing na 68% ang may trabaho o aktibong naghahanap ng trabaho. Ang average rate ng walang trabaho sa bansa ay tinatayang 12%.

(IBON Philippine Profile 1995.)

Narito ang ilang tanong tungkol sa iyong binasa. Pag-aralan mo at sagutan.


1. Anu-anong rehiyon sa bansa ang siksikan sa tao? Anu-ano naman ang may maliiit na bilang ng tao?

| Rehiyong siksikan sa tao | Rehiyong kaunti ang tao |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |


Nakuha mo ba ang marami sa mga pangalan ng rehiyong matao at hindi matao? Narito ang mga tamang sagot.

| Rehiyong siksikan sa tao | Rehiyong kaunti ang tao |
|---|---|
| NCR | CAR |
| Central Luzon | ARRM |
| Southern Tagalog | Rehiyon X11 |

2. Gaano kalaki ang populasyon ng (a) nasa paggawa , (b) kabataan, at (c) matatanda?
   Igawa ito ng *pie chart*.



Okey, nahati-hati mo ba ang *pie* para maipakita ang hati ng populasyon ng 3 sektor? Nasa ibaba muli ang tamang sagot.




Ano ang ipinakita sa pie chart?

Mahigit kalahati ng *pie* ang para sa mga may hanapbuhay, 40% naman sa kabataan at ang maliit na porsyento ay matatanda o *elderly sector.*

Malinaw ba sa iyo?

Ganito naman ang report sa isang balita mula sa KABAYAN (Setyembre 16, 2004. Vol. V1 No. 41).

**Unemployment Nabawasan – NSO**

Bumaba ang unemployment rate sa bansa ng 11.7 porsyento hanggang katapusan ng Hulyo 2004 kumpara noong Hulyo 2003 mula 12.6 porsyento, ayon sa National Statistics Office kahapon.

Ang bilang ng unemployment noong Hulyo ay mas mababa rin sa jobless rate na umabot sa 13.7 porsyento.

Niliwanag ng NSO na sa 35.83 milyong manggagawa mula Hulyo, may 4.39 noong 2003. Noong Hulyo 2003, ang naiulat na manggagawa ay umabot sa 34.8 milyon. (AFP)

Malaking report istatistiks ang binanggit sa unahan. Kung titingnan naman natin ang bawat familya, malungkot na tanawin ang bubulaga sa atin. Tinatantya ng pamahalaan na may 39.7% ng ating populasyon ang mahirap at batay ito sa kita o sahod ng familya. Pero para sa IBON, isang *non-governmental agency*, ang kahirapan ay totoong laganap daw at higit pa sa kalahati ng populasyon ang bumubuo nito. Karamihan g mula sa trabahong di agrikultural. Ang mga lupaing agrikultural ay lumiliit na sa pagsulpot ng mga subdibisyon at pabrika sa kasalukuyan.

Matapos mong malaman ang mga istatistiks sa paglaki ng populasyon, nakita mo rin ang naging efekto nito sa *employment* o pagtatrabaho, di ba?

Sa pagbasa ng teksto, totoo nga bang nakakabahala ang sitwasyon ng populasyon natin? Siguradong positibo ang sagot mo! Nalaman mo kung gaano ang paglaki ng populasyon. Kung malaki ang populasyon, dapat marami ring trabahong mahahanap ang tao, di ba? O, nabasa mo rin siguro ang isyu tungkol sa trabaho ng mga tao sa bansa mo.

Sagutin mo naman ang mga tanong tungkol sa ikalawang teskto.

1. Paghambingin ang *unemployment rate* noong Hulyo 2003 at 2004 batay sa report ng NSO. Gaano ang pagbaba?

| Hulyo 2003 | Hulyo 2004 | Pagbaba |
|---|---|---|
| ______________ | _______________ | ________ |

Ganito ba ang mga sagot mo?

| Hulyo 2003 | Hulyo 2004 | Pagbaba |
|---|---|---|
| 12.6 | 11.7 | 0.9 |

2. Paghambingin din ang report tungkol sa porsyento ng mahihirap sa bansa batay sa report ng (a) gobyerno, at (b) IBON? Sa palagay mo, sino ang mas tama? Bakit?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Narito naman ang sagot sa Bilang 2.

(a) 39.7% ang mahirap (b) Higit sa 50% ng populasyon

Mas tama marahil ang IBON dahil sa mga nasusulat sa ibang lathalaing pang-araw-araw at sa pagmamasid lamang sa paligid, marami talagang makikita.

Pareho ba tayo ng sagot?

3. Bakit lumiliit ang oportunidad sa pagkuha ng trabahong agrikultural?
Sapagkat ginagawang mga subdibisyon at pabrika ang mga lupain, di ba?

Sa binasa mong teksto, may mga salita o parirala na ginamit para magpahayag ng informasyon tungkol sa (1) dami o lawak, (2) lokasyon o direksyon, at (3) mga ekspresyong tiyak o di tiyak.

Tingnan ang mga sumusunod na gamit para sa dami o lawak:

| | | |
|---|---|---|
| 37% ng populasyon | 40% kabataan | 3% elderly |
| 68% may trabaho | 12% walang trabaho | |

May mga ekspresyon namang tumutukoy sa lokasyon o direksyon tulad ng <u>National Capital Region</u> at <u>Central Luzon</u>. May napansin ka pa bang iba na binanggit sa teskto?

Narito pa ang ilan. Kung hindi mo nakita ang mga ito, balikan mo ang teksto.

| | |
|---|---|
| Southern Tagalog | Cordillera Autonomous Region |
| Autonomous Region ng Muslim Mindanao | Rehiyon X11 |

Samantala, may mga salita o parirala na tiyak ang tukoy sa dami tulad ng <u>82 milyon</u>. Tukuyin mo nga ang iba pa. <u>34.8 milyon</u> at <u>3 beses</u>, hindi ba?

May mga eskpresyon namang di tiyak ang informasyong dala. Halimbawa nito ang <u>malaking report istatistiks</u> at <u>higit pa sa kalahati ng populasyon</u>.

Nakita mo ba ang pagkakaiba ng mga ekspresyong TIYAK at DI TIYAK sa mga halimbawa sa itaas? Pag sinabing <u>malaki</u> tulad ng **malaking report istatistiks**, walang katiyakan ang informasyon sa dami o lawak ng kalakihan nito. May iba't ibang interpretasyon ang bawat humuhusga sa dami kung basta MALAKI ang gagamiting salita. Ganoon din ang **higit pa sa kalahati ng populasyon**?

Gaano kalaki ang <u>higit sa</u> <u>kalahati</u>?

Hindi tiyak, di ba? May gumagamit pa ng ekspresyong <u>humigit-kumulang</u> o kaya'y <u>mga</u> kasunod ang bilang tulad ng "**may humigit-kumulang na 10 kaso** ang naisampa sa korte"; "may **mga 10 kaso** ang naipasa sa Korte Suprema".

Hindi rin tiyak ang dami at lawak, ano?

Sa isang banda, ang paglalagay ng eksaktong dami tulad ng bilang na **82 milyon, 34.8 milyon** at **3 beses** ay may katiyakan sa inihahatid na dami o lawak ng dami.

Totoo rin ito sa lokasyon o direksyon. Pag sinabing Ilocos Sur, o Lungsod ng Baguio, may tiyak na lugar na tinutukoy. Pero pag sinabing **sa may bandang Baguio City** o **malapit sa Ilocos Sur**, tipong may kalituhang hatid ang informasyon, di ba?

Narito ang mga ehersisyong binubuo ng teksto. Teksto ang tawag sa pahayag na lampas o mas mahaba sa isang pangungusap, di ba? Siguradong kayang-kaya mo ito!

Basahin ang bawat isa.

Piliin at isulat sa angkop na kahon ang ekspresyong nagpapahayag ng (1) dami o lawak, (2) lokasyon o direksyon sa bawat bilang, saka tsekan kung tiyak o di tiyak ang bawat entri sa kahon

1. Dahil sa sobrang lamig na naranasan sa Dhaka umabot sa 90 katao ang namatay sa nakalipas na araw. May 49 katao naman ang nasawi noong nakaraang Biyernes sa hilagang bahagi ng Bangladesh na umabot na sa 91 bilang ng biktimang nasawi. (BALITA, 1/5/04)

2. Mawawalan ang Pilipinas ng mga 3,000 trabaho sa Iraq kung hindi aalisin ang ban sa mga Pilipinong nagtatrabaho roon, ayon sa isang recruitment agency kahapon. Noong Biyernes, daan-daang Pilipino ang nagprotesta para alisin ang ban. Ayon sa mga demonstrator, mas nanaisin nilang makipagsapalaran sa Middle East kaysa magtiiis na walang trabaho dito sa bansa na ang unemployment rate ay umabot na sa 14 percent. (KABAYAN, 8/22/04)

3. Labindalawang katao ang naapektuhan, isa ang patay at 11 ang nasa iba't ibang pagamutan ngayon,matapos malason sa ininom na tubig sa isang liblib na lugar sa Purok 2, Barangay Comonal, 20 kilometro mula sentro ng bayang ito.

4. Sa loob lamang ng ilang buwan mula nang mahirang siyang chairman ng VRB ay nabawasan ang bilang ng insidente ng pamimirata ng CD at VCD sa kalakhang Maynila ng 50% bago matapos ang taong kasalukuyan.

5. Isang airline ang may arawang paglipad mula Singapore at Maynila na nagpapataas ng pagkokonekta sa Changi sa Maynila mula 35 hanggang 42 lingguhang paglipad ng eroplano. Ang Changi ay nag-uugnay sa 140 lungsod sa 49 na bansa sa pamamagitan ng 61 airlines.

| Dami/Lawak | Tiyak | Di Tiyak | Lokasyon/Direksyon | Tiyak | Di Tiyak |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| 2. | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| 3. | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 4. | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| 5. | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

O nagawa mo ba nang maayos ang nasa itaas?

Marahil, malapit dito ang mga isinagot mo. Kung hindi, basahin mong muli ang teksto at nang Makita mo ang informasyon.

| Dami/Lawak | Tiyak | Di Tiyak | Lokasyon/Direksyon | Tiyak | Di Tiyak |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. 90 katao | ✓ | | hilagang bahagi | | ✓ |
| 49 katao | ✓ | | Dhaka | ✓ | |
| 91 bilang | ✓ | | | | |
| 2. mga 3000 | | ✓ | Middle East | ✓ | |
| Daang-daang Pilipino | | ✓ | Bansa | ✓ | |
| 14 % | ✓ | | | | |
| 3. 12 katao | ✓ | | iba't ibang pagamutan | | ✓ |
| isang patay | ✓ | | liblib na lugar sa Purok | | ✓ |
| 20 kilometro | ✓ | | | | |
| 4. ilang buwan | | | | | |
| 50 % | | | | | |
| nabawasang bilang | | ✓ | Kalakhang Maynila | | ✓ |
| 5. 35-42 linggo | ✓ | | Singapore, Maynila | ✓ | |
| | | | 140 lunsod | | ✓ |
| | | | 49 bansa | | ✓ |

Balikan natin ang artikulong binasa mo. Iyan ay isang informativ na teksto.

Bakit ito informativ? Informativ ito kasi nagtataglay ng iba't ibang ideya, kaisipan at kaalaman tungkol sa isang panlahat na paksa.

Basahing muli nang mabilis ang teksto tungkol sa “Paglaki ng Populasyon at Trabaho” Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Lagyan ng (✓) tsek ang bilang kung ang mensahe ng pangungusap ay informasyong nabasa mo sa “Ang Paglaki ng Populasyon at Trabaho”.

___ 1. Sa pagitan ng taong 1995 at 2004, nagkaroon ng 22 milyong paglaki ng populasyon sa Pilipinas.

___ 2. Ang may pinakamalaking porsyento sa populasyon ay ang mga kabataan.

___ 3. Isang ahensyang labas sa gobyerno ang IBON.

___ 4. Marami sa mga familyang Pilipino ay nagtatrabaho labas sa mga kabukiran o palaisdaan.

___ 5. Karamihan sa kita ng populasyon ay buhat sa sahod at trabahong agrikultural.

___ 6. Ang sabi ng NSO, nabawasan ang walang trabaho, pero hindi ito tinatanggap ng IBON Foundation.

___ 7. Napakalaki ng porsyento ng trabahong nakukuha sa pagbubukid at marahil pati sa paggugubat.

___ 8. Ang mga report istatistiks ay mga pagtatantya para ilarawan ang iba’t ibang sitwasyong panlipunan.

___ 9. Ang laki ng populasyon ay hindi natatapatan ng dami ng trabaho.

___10. Ang NSO ang tanggapang pampamahalaan na nagbibigay ng datos at bilang tungkol sa populasyon at maging sa bilang ng kalagayan sa paggawa.

Tsinekan mo ba ang mga bilang ---- 1, 3, 4, 6, 10? Ito ang mga pangungusap na naglalaman ng informasyon mula sa teksto.

**Gamitin**

A. Paghambingin ang mga istatistiks sa talaan ng mga presyo ng bilihin sa dalawang taon. Ipinakikita sa mga talaan ang *inflation rate* o ang bilis ng pagtaas ng *average* ng mga presyo ng mga bilihin na kinokonsumo ng ordinaryong mamimili sa loob ng isang taon.

TALAAN 1
Presyo ng mga Bilihin (1993)

TALAAN 2
Presyo ng mga Bilihin (1994)

| Uri ng Bilihin | Presyo | Bigat | Uri ng Bilihin | Presyo | Bigat |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkain | ₱ 100 | 0.60 | Pagkain | ₱ 150 | 0.60 |
| Damit | ₱ 200 | 0.10 | Damit | ₱ 220 | 0.10 |
| Ilaw at Tubig | ₱ 500 | 0.30 | Ilaw at Tubig | ₱560 | 0.30 |

(Hango sa Tullao, Jr. 2002. Ekonomiya, tao, mundo, at ang ekonomistang guro. DLSU Press)

1. Anu-anong mga bilihin ang itinala sa dalawang talaan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Paghambingin ang presyo ng mga bilihin sa dalawang taon.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Ano ang maibibigay mong pahayag sa ganitong pagbabago sa istatistiks ng 1993 at 1994? Isulat ang sagot sa sagutang papel.
   ______________________________________________
   ______________________________________________

Ganito ba ang mga sagot mo?

1. Ang mga bilihing itinala sa dalawang taon ay pagkain, damit, ilaw at tubig.
2. Sa dalawang taon, tumaas ang presyon ng pagkain sa P 50; ang damit ay tumaas din sa halagang P 20, samantalang ang ilaw at tubig ay may pagtaas ng P 60.
3. Batay sa istatistiks na nasa talaan, tumaas ang presyo o halaga ng tatlong pangunahing gastusin ng tao.

Basahin ang bawat pangungusap/talata at hanapin ang mga ekspresyon ng dami o lawak, direksyon o lokasyon. Ilista sa Kolum A ang ukol sa dami o lawak, sa Kolum B ang ukol sa direksyon o lokasyon. Sa sulatang papel ilagay ang mga sagot.

1. Mga 40 kilometro timog – silangan ng Maynila ang dating walang kabuhay-buhay na bayan ng Angono. Dating bahagi ng Rizal, ang may 236 na taong Angono ay maaabot mula sa Maynila sa pamamagitan ng pagdaan ng Pasig-Cainta Floodway.

Kolum A　　　　　　　　Kolum B

______________________　　　　___________________

2. Ipinagdiriwang ng Angono ang kapistahan ng santo nitong si San Clemente tuwing ika- 23 ng Nobyembre, at pinag-uukulan talaga ito ng preparasyon ng sambayanan.

Kolum A　　　　　　　　Kolum B

_________________________　　　　____________________

3. Noong 1965, nadiskubre ni National Artist for Visual Arts Carlos "Botong" Francisco ang ilang 127 *carvings* o ukit sa mga pader ng mababaw na kuweba sa Angono, Rizal.

Kolum A　　　　　　　　Kolum B

_________________________　　　　____________________

4. Tinawag ang mga ukit na ito na *petroglyphs* na sinasabing pinakamatandang artworks sa Pilipinas, na noon pang 3$^{rd}$ millenniun, BC.

Kolum A　　　　　　　　Kolum B

________________________　　　　____________________

5. Ang mga ukit na may edad 3,000 taon ay binubuo ng mga pigurang tao na may bilugang ulo na nakapatong sa katawang hugis V o rektanggulo na walang leeg at paa.

Kolum A　　　　　　　　Kolum B

_________________________　　　　____________________

Nasagutan mo ba? Tingnan mo nga kung ang mga sagot mo ay katulad ng sumusunod:

1. Kolum A　　　　　　　　Kolum B

40 kilometro timog – silangan ng Maynila
bayan ng Angono
bahagi ng Rizal
pagdaan ng Pasig-Cainta Floodway

2. Kolum A　　　　　　　　Kolum B

Angono

3. Kolum A　　　　　　　　Kolum B

Ilang 127 carvings o ukit sa mga pader ng mababaw na kuweba

4. Kolum A Kolum B

Pilipinas

5. Kolum A Kolum B

may edad 3,000 taon nakapatong sa katawang hugis V

Kung katulad ng nasa itaas ang sagot mo, tama ka!

**Subukin**

Handa ka na marahil sa isa pang pagsubok. Tiyakin natin kung natutuhan mo ang aralin.

A. Alam kong marami ka ng pagsasanay sa unahan kaya magiging magaaan at marahil *exciting* ang aplikasyong ito. Nasa bawat bilang ang ilang maiikling informasyon na magagamit mo sa paghahatid ng mensahe. Pag-aralan ang set ng informasyon at bumuo ng mga pangungusap.

1. unang nanirahan dito ang mga 800 magsasaka-mangingisda sa kapatagan
mahuhusay sila sa paggiik ng palay kung panahon ng anihan
tinawag silang "mga taga-giik"
hindi mabigkas ng mga Kastilang kongkistadores noong 1571 ang "taga-giik"
magaan sa kanilang sabihin ang "tagui-ig" (bigkas na /tagig/)
kaya naging Taguig ang pangalan ng lugar
*(Hango sa Taguig Pocket Profile, Taguig Tourism Office/Department of Tourism- NCR)*

2. maraming kuwentong alamat at teorya sa pinagmulan ng Pasig
pinakakapani-paniwala ang kay Dr. Jose Villa Panganiban
si Panganiban, isang linggwista at maraming nasasalitang wika
ang *Pasig* daw ay isang matandang salitang Sanskrit
may kahulugang ilog na dumadaloy mula sa isang lagusan ng tubig tungo sa isa pang lagusan sa Pasig River, dumadaloy ang tubig mula Laguna De Bay tungo sa Manila Bay
*(Hango sa Pasig Pocket Profile, Pasig City Tourism Office/Department of Tourism- NCR)*

B. Nakagawa ka ba ng mga pangungusap na nagbibigay ng mga informasyon? Marahil malapit dito ang mga sagot mo. Kung malayo, ipakita mo sa guro para maipaliwanag niya ang kakulangan.

1. Noong araw, unang nanirahan dito ang mga 800 magsasaka-mangingisda sa kapatagan. Mahuhusay sila sa paggiik ng palay lalo na kung panahon ng anihan. Dahil doon, tinawag silang "mga taga-giik". Kaso hindi mabigkas ng mga Kastilang kongkistadores noong 1571 ang "taga-giik". Mas madali nilang masabi ang "tagig" kaya naging Taguig ang pangalan ng lugar..

2. Maraming kuwentong alamat at teorya sa pinagmulan ng Pasig. Sa mga ito, ang pinakakapani-paniwala ang kay Dr. Jose Villa Panganiban. Isa siyang linggwista at araming nasasalitang wika. Sa kuwento, ang *Pasig* daw ay isang matandang salitang *Sanskrit* na may kahulugang ilog na dumadaloy mula sa isang lagusan ng tubig tungo sa isa pang lagusan. Kita ito sa Pasig River na dumadaloy ang tubig mula Laguna De Bay tungo sa Manila Bay.

C. Narito naman ang ilang kaalaman tungkol sa mga istasyon ng radyo at telebisyon sa Pilipinas. Alam mong mahalagang midya ang mga ito sa paghahatid ng informasyon, libangan, sining at maraming paksa. Pag-aralan ang talaan sa ibaba. Pagkatapos, sumulat ng interpretasyon o pagpapaliwanag ng mga istatistiks dito.

| **Number of Stations** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Area | AM | FM | Total Radio | TV | TOTAL |
| Philippines | 234 | 84 | 318 | 60 | 378 |
| Metro Manila | 27 | 19 | 46 | 5 | 51 |
| Luzon | 82 | 30 | 112 | 17 | 129 |
| Visayas | 53 | 20 | 73 | 16 | 89 |
| Mindanao | 72 | 15 | 87 | 22 | 109 |

*(PIA, Media Studies Division Research Department. 1987)*

1. Ilan ang kabuuang bilang ng istasyong panradyo at pantelebisyon sa Pilipinas?
2. Paano hinati ang buong bansa ayon sa pulo? Bakit kaya ihiniwalay ang Metro Manila?
3. Sa tatlong pulo ng bansa, alin ang may pinakamalaking bilang ng AM radio stations? Alin ang pumangalawa, pumangatlo? Ano ang bilang ng sa Metro Manila?
4. Ilarawan ang datos para sa FM stations ayon sa may pinakamaliit tungo sa pinakamalaking bilang.
5. Paano hinati-hati ang 60 dami ng istasyong pantelebisyon sa bansa?

Dapat halos ganito ang nasulat mong sagot. Malapit na malapit ba rito ang sagot mo, mahal na mag-aaral?

1. May kabuuang 378 na istasyong panradyo at pantelebisyon sa buong Pilipinas.
2. May tatlong pulo – Luzon, Visayas at Mindanao. Ang Metro Manila ay ihiniwalay kasi sentro ito ng komunikasyon, komersyo at pamahalaan ng bansa.

3. May pinakamalaking bilang ng AM stations ang Luzon, pangalawa ang Mindanao at pangatlo ang Visayas. May 27 ang AM stations sa Metro Manila.
4. Sa bilang ng FM stations, may pinakamaliit ang sa Mindanao, mas malaki nang bahagya ang Metro Manila, kasunod ang sa Visayas, at ang may pinakamalaking bilang ay sa Luzon.
5. Sa kabuuang 60 istasyong pantelebisyon, may pinakamalaking bilang ang sa Mindanao, pangalawa sa laki ang sa Luzon, kasunod ang Visayas at panghuli ang Metro Manila.

**Lagumin**

Sinikap ng modyul na ito na magkaroon ka ng mga sumusunod na kasanayang pangwika:

- nagagamit ang angkop na mga tiyak at di tiyak na salita/parirala upang magpapahayag ng dami/lawak at direksyon/lokasyon
- nakagagawa ng simpleng pagpapaliwanag ng istatistiks na bahagi rin ng tekstong informativ
- natutukoy ang panlahat at ispesifiko o tiyak na datos sa isang pagpapahayg
- nasasagot ang mga tanong sa tekstong binasa

Sa palagay mo, natutuhan mo bang lahat iyan? Kung hindi, puwede mong balikan ang sub-aralin.

**Paunlarin**

Basahin mo ang maikling bahagi ng editoryal o pangulong tudling mula sa isang tabloid sa Filipino at humandang sagutin ang ilang tanong tungkol ito.

## ***Editoryal***

Ang United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) ay ipinagdiriwang ang International Literacy Day sa Setyembre 8 ng bawat taon. Ang tema sa taong ito ay ***"Literacy as Freedom: A Challenge for the 21$^{st}$ Century"***.

Ang *literacy* ay bukas na pintuan at pagkakataon para sa mga kabataan na mag-asam ng katuparan at produktibong buhay. Bilang pundasyon ng malayang pag-iisip, ito ay aktibong sinusuportahan para maipatupad. Sa patuloy na pagsusumikap ng lahat ng konsernadong mamamayan, ang pandaigdigang *illiteracy rate* ay bumaba na. Ito ay pambihirang tagumpay, lalo pa't ang nabanggit na panahon, ang populasyon ng mundo ay patuloy na tumataas.

***(BALITA/ Setyembre 8, 2004)***

1. Ano ang ipinagdiriwang ng UNESCO kung Setyembre 8?
   ________________________________________________

2. Sa temang binanggit, anu-ano kaya ang mga kaisipan, ideya at kaalaman ang dapat talakayin? Pansinin ang malalaking konseptong nasa pamagat - -
   **literacy o ang kakayahang bumasa at sumulat, kalayaan, hamon.**
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
3. Bakit kaya sinabing bukas na pintuan ang *literacy*? Kapag marunong ka bang bumasa at sumulat, siyempre pati magkompyut sa matematiks, anu-ano ang pakinabang mo sa ganitong kakayahan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Bumaba raw ang *illiteracy rate*! Paano nagawa ito? Naniniwala ka bang mas marami ngang *literate* ngayon kaysa noong araw?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

5. Sinu-sino ba itong tinawag na konsernadong mamamayan, puwede ring isama ang mga institusyon marahil?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Kung ganito ang sagot mo, tama ka!

1. International Literacy Day ang ipinagdiriwang ng UNESCO.

2. Kapag may *literacy* may kalayaang magpahayag ng kaalaman, saloobin, at nadarama
   May panawagan na ang buong sambayanan ay maghangad magkaroon ng literasi na maiaaplay sa pang-araw-araw na buhay
   Hinihikayat na lumahok ang lahat para itaguyod ang literasi

3. Ang pintuan ay kumakatawan sa oportunidad para umasenso o sumulong sa iba't ibang aspekto ng buhay. Mga larangan sa buhay ito na puwedeng pasukin ng isang nilalang. Kapag may literacy ang tao, lalo't mataas, makasasalamuha siya sa talakayan sa iba't ibang paksa. Magkakaroon din siya ng tsansang magkatrabaho at lumago sa kabuhayan.

4. Sa tulungan marahil ng lahat o ng maraming sektor sa lipunan – paaralan, tahanan, gobyerno, simbahan at institusyong pangkawanggawa, napapababa ang illiteracy rate.

5. Ang mga konsernadong mamamayan – bawat individwal na Pilipino, lider at naglilingkuran sa edukasyon, ang media, simbahan, gobyerno lalo na para maglaan ng malaking badyet sa edukasyon.

O, ayan tapos mo na ang unang sub-aralin! Pagbati sa iyo! Masaya ka ba sa nakuha mong mga marka sa mga gawain?

Simulan mo na ang susunod na Sub-Aralin.

## Sub-Aralin 2:

### Pagbuo ng talata mula sa webbing ng mga ideya at konsepto at Pagsasaayos ng mga Pangyayari nang Kronolohikal

Layunin: Sa pamamagitan ng sub-araling ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. nakabubuo ng mga pangungusap mula sa presentasyong biswal o webbing

2. naisasaayos ang mga pangyayari ng isang narativ nang kronolohikal

**Alamin**

Mayaman ang mga *documentary tv shows* sa paglalarawan ng tunay na kalagayan sa lipunan. May ipinalabas tungkol sa isang manggagawa sa konstruksyon at ikinuwento niya ang karanasan. Ang tagpuan ay mismo sa isang napakataas na gusali na may bahagi siya sa paggawa nito. At sinabi niyang may bruskong sikyo na ayaw siyang papasukin dahil sa kasuotan niya. Tipong ang gusto lamang papasukin ng guwardiya ay 'yung mga nakakurbatang may maayos na pananamit at mabango ang amoy! Ay, naku, paano na ang isang manggagawa kahit na siya ay bahagi ng konstruksyon ng gusaling nakatayo. Di siya pinapasok, kasi wala raw siyang ID!

**Linangin**

Narito ang isang teksto tungkol sa buhay ng isang ama ng tahanan na taga-National Capital Region, sa kalakhang Maynila. Kahawig ito ng *documentary tv show* na binanggit sa unahan. Tingnan kung ganito rin ang nakikita mong larawan sa iyong paligid.

## <u>Sabi ni Mang Juan</u>
## Hindi masama ang mangarap

ni Jennelyne Sicabalo (BALITA, Setyembre 22, 2004, p.5)

Hawak ang martilyo, pukpok dito, pukpok doon, pala rito, pala roon, halo rito, halo roon. Maghapong pagal ang katawan, puro paltos ang mga kamay, bilad ang katawan sa arawan, madalas inaabutan pa ng ulan.

Sa P300 kita sa isang araw, napapatulala si Mang Juan, bumubulung-bulong mag-isa. Mabuti raw sana kung dire-diretso ang gawa sa loob ng isang linggo, depende kung okey ang budget ng nagpapagawa, ngunit kung minamalas-malas ay tatlong beses lang sa isang linggo ang patrabaho.

Di pa man napapasakamay ang suswelduhin, binabudget na ng asawa, nakahihinga nang maluwat kung sasapat naman. Napapabuntunghininga kapag bitin pala.

Masipag umekstra-ekstra si Mang Juan. Kapag walang gawa, maghahanap ng maeeskstrahan, huwag lang mabakante. Pangarap niya kasing mapag-aral ang dalawang anak kahit mapagtapos man lang ng vocational course, nang sa ganon ay hindi matulad sa kanya na lumaking mangmang. Kung bakit daw kasi hindi siya nakinig sa mga pangaral ng magulang. Paulit-ulit ang pagkukwento niya sa mga anak ng kanyang kabataan upang magsilbing paalala na mahalaga ang may pinag-aralan nang sa ganon hindi mangyaring aapak-apakan ka lang ng ibang tao. Kapos man ay nagsisilbing inspirasyon ang mga pangarap para sa mga minamahal na anak.

Masuwerte rin siya dahil masipag tumulong sa paghahanap-buhay ang asawang si Aling Celia. Naglalako-lako ito kapag umaga ng mga gulay kaya naman nakakakain din nang tama ang mga anak. Hindi man maluho ang pagkain ngunit sapat naman huwag lang kakalam-kalam ang tiyan.

Minsan naglalakad siya pauwi ng bahay galing sa trabaho. Araw-araw siyang napapadaan sa harap ng Sta. Lucia East Mall (Cainta, Rizal). Napapahinto siya at madalas niya itong minamalas buhat sa di kalayuan. Napapangiti siya at buong pagmamalaking iniisip na, "Isa ako sa mga gumawa niyan. Ang napakatayog na building na 'yan," ang kasiyahan sa mukha'y lumalamlam, napawi ang mga ngiti sa labi. Dahil mula pala noong nagbukas ito ay hindi pa siya nakakapasok dito. Minsan niya nang sinubukang pumasok dito ngunit hinarang siya ng guard, bawal daw kasi ang naka-tsinelas sabay tingin mula ulo hanggang paa. Nagmakaawa siya kahit saglit lang tutal naman daw isa siya sa mga gumawa nito. Ngunit hindi pa rin siya pinayagan sa halip sinagot pa siya nito ng "Bakit, binayaran ka naman ah?"

Pinapangarap niya balang araw na makakapasok din sila doon kasama ang asawa't mga anak. Nagpatuloy na siya sa paglalakad na punung-puno ng mga pangarap at umaasang sana'y matupad ito sa pamamagitan ng mga anak

O, nabagbag ba ang damdamin mo? Siguro medyo napaluha ka ano?

Nakita mo ang kahalagahan ng pag-aaral at pagtatapos ng pinag-aralan? Bakit mahalaga ang edukasyon? Kasi kung walang pinag-aralan ang isang tao mahihirapan siyang magkaroon ng isang matatag na hanapbuhay gaya ng naranasan ni Mang Juan, di ba? Pero, mabuti at may pangarap pa rin siya. Importante ang pangarap o layunin sa buhay. May pupuntahan kang tiyak na direksyon.

Ikaw, may pangarap ka ba? Dapat!

Narito ang ilang tanong para matsek mo ang dapat pinagtuunan ng pansin sa kuwento ni Mang Juan.

1. Ilang araw sa loob ng isang linggo ang pagtatrabaho ni Mang Juan? Bakit kaya hindi anim na araw ang patrabaho sa kanya?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Anu-ano kaya ang isinasama sa pagbabadyet ng kita ng isang familya?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Bakit ganoon na lamang ang pagsisikap ni Mang Juan na huwag mabakante sa trabaho?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Ano ang silbi ng mga pangarap sa kanilang familya?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

5. Ikuwento ang naging karanasan niya sa Sta. Lucia East Mall. Ano ang naging damdamin mo pagkabasa sa bahaging ito ng kanyang narativ?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Ganito ang puwedeng sagot mo.

1. Hindi dire-diretso ang pagtrabaho ni Mang Juan; mga tatlong araw lang depende sa patrabaho ng nagpapagawa. Kung malaki ang badyet, mas maraming araw siyang makapagtatrabaho.

2.Ang para sa pagkain, edukasyon ng mga anak, pamasahe sa pagpasok, damit, gamut kung magkasakit.


3. Para may pantustos siya sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kanyang familya, lalo na ang pagpapaaral sa mga anak.

4.  Habang may pangarap, may dahilan sa pagharap sa buhay, para magsikap na mapabuti ang buhay nila sa araw-araw na pagkilos.  Kasama sa pangarap ang makatapos ng kahit vocational course dahil kailangan ito sa paghahanap ng trabaho.

5. Hindi siya pinapasok sa mall dahil hindi akma ang kaayusan niya. Sobrang paghamak sa tao ang ginawa ng guard.  Nalungkot ako para kay Mang Juan.  Pero may iniwang maganda ito sa kanya, ang pagsisikap para hindi na niya, pati ang familya, na huwag danasin ang nangyari sa kanya.

Nasagot mo bang lahat nang tama?  Kung hindi, revyuhin mo ang teksto.

Isang paraan ng paglalahad ng informasyon ay sa pamamagitan ng tinatawag ng concept webbing gaya ng nasa ibaba.  Kung susundan mo ang web o sapot ng mga konsepto o informasyon, makabubuo ka ng isang talata.  Subukin mo nga na bumuo ng isang talata o lipon ng mga pangungusap tungkol sa "Paggawa ng Sapatos"?




Marahil, ganito ang naisulat mong talata, ano?

Ang paggawa ng sapatos ang pangunahing pinagkakakitaan ng bawat familya.   Sa bawat araw na paggawa ng sapatos, nakakatatlong pares ang familya at dito'y may P900 sila.  Pero may hatian pa ito kaya lalabas na halos P50 lang bawat pares.  Hindi sila araw-araw kumikita kasi may mga buwan lamang na malakas ang pamimili ng mga tao.  Kapag bago magpasukan sa klase at kapaskuhan, medyo may kita ang manggagawa.

**Gamitin**

Isang narativ ang buhay ni Mang Juan. Subuking buuin ang kuwento sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 – 10 sa mga pangyayari sa ibaba. Isalaysay itong pa-kronolohikal, mula sa inaakalang unang nangyari hanggang sa huli.

___ Nakita niya ang hirap ng walang pinag-aralan sa pagkuha ng magandang trabaho.

___ Kaya naglalako ang asawa para makatulong sa maliit na kita ni Mang Juan.

___ Pinag-aaral si Juan ng kanyang magulang pero hindi siya nakinig sa mga pangaral.

___ Wala siyang napag-aralan kahit vocational course man lang dahil sa hindi pagsisikap makatapos.

___ Nang matapos ang gusaling Sta. Lucia East Mall, pinangarap niyang makapasok dito.

___ Naging manggagawa sa mga konstruksyon si Mang Juan pero kulang ang kita para sa sariling familya.

___ Napasok siya sa isang kompanya na may malaking proyekto, isang mataas na gusali ang itatayo.

___ Alam niyang matutupad ang pangarap niya kung makapagtatapos ang mga anak sa pag-aaral.

___ Ngunit nang minsang magtangka siyang pumasok sa natapos na gusaling mall, hinarang siya ng mayabang na sikyu.

___ Mula noon, pinangarap niyang makapasok din siya rito sa pamamagitan ng mga anak na nagsisikap na makapag-aral dahil madalas niyang ikuwento ang kabiguan niya sa pag-aaral.

Sa kronolohikal na pagsasalaysay, ganito ang ayos ng mga pangyayari.

3 Nakita niya ang hirap ng walang pinag-aralan sa pagkuha ng magandang trabaho.

5 Kaya naglalako ang asawa para makatulong sa maliit na kita ni Mang Juan.

1 Pinag-aaral si Juan ng kanyang magulang pero hindi siya nakinig sa mga pangaral.

2 Wala siyang napag-aralan kahit vocational course man lang dahil sa hindi pagsisikap makatapos.

7 Nang matapos ang gusaling Sta. Lucia East Mall, pinangarap niyang makapasok dito.

4 Naging manggagawa sa mga konstruksyon si Mang Juan pero kulang ang kita para sa sariling familya.

6 Napasok siya sa isang kompanya na may malaking proyekto, isang mataas na gusali ang itatayo.

10 Alam niyang matutupad ang pangarap niya kung makapagtatapos ang mga anak sa pag-aaral.

8 Ngunit nang minsang magtangka siyang pumasok sa natapos na gusaling mall, hinarang siya ng mayabang na sikyu.

9 Mula noon, pinangarap niyang makapasok din siya rito sa pamamagitan ng mga anak na nagsisikap na makapag-aral dahil madalas niyang ikuwento ang kabiguan niya sa pag-aaral.

Isang narativ naman ng inang may *gifted child* ang isalaysay mo. Alam mo ba na ang *gifted child* ay isang nilalang na may espesyal na talino? May iba't ibang uri ng talinong maaaring taglayin ng isang *gifted child.* Lagyan ng bilang ang mga pangyayaring ikinwento ng nanay ni Justin Cebrain (Liwayway, Marso 3, 2003).

___ a. *Ceasarian delivery* nang ipanganak ko siya. Nasa *nursery* pa lang siya marami na'ng nakapuna na lagi siyang nakadilat na di tulad ng ibang *baby* na laging nakapikit.

___ b. Noong nagbubuntis ako sa panganay kong si Justin, lagi akong nagbabasa nang malakas ng kahit anong libro habang may *background* na *classical music.*

___ c. Hindi rin siya iyakin. Kung ano ang tulog ng matanda, gano'n din siya. Maghapon siyang dilat at sa gabi siya natutulog nang mahimbing.

___ d. Noon, palagi ko siyang binabasahan ng *story book* na maraming pictures at mahilig din siyang magbakat ng mga letra ng headlines ng diyaryo.

___ e. Pag may nakita akong nakatatanggap ng *award* sa *school*, lagi kong sinasabi sabay himas sa tiyan: "Sana anak, paglaki mo, ganyan ka rin katalino," sabi ni Mrs. Cebrian, dating guro sa Social Studies sa isang publikong paaralan.

___ f. Sa gulang na 12 ay mahilig pa ring maglaro at makihalubilo sa kapwa bata si Justin.

___ g. Nasa third year high school na siya ngayon sa Arellano High School, pero hindi niya masyadong iniisip na gifted child siya, kasi naniniwala raw siya na lahat ng tao ay *gifted.*

___ h. Sa gulang na isa, matatas na siyang magsalita, at siya rin sa sarili niya ang nakatuklas na marunong na siyang magbasa at magsulat sa gulang na 2.

___ i. Tumanggap siya ng *Special Award* nang sumapit ang *graduation* dahil kahit siya ang pinakabata sa klase at patapos na ang taon nang magsimula, siya naman ang pinakamatalino.

___ j. Gustung-gusto na niyang pumasok sa paaralan, kaya kahit Disyembre noon at 3 taon pa lang si Justin ipinasok na siya sa isang *Day Care Center* sa Cavite.

Ganito ang pagkakasunud-sunod ng kuweno ng ina ni Justin.

| | |
|---|---|
| b | d |
| e | j |
| a | i |
| c | f |
| h | g |

**Lagumin**

Ngayong naharap ka sa maraming pagsasanay, tiyak madali mong natutuhan ang mga kasanayang pangwika sa ibaba:


1. nakabubuo ng talataan mula sa pantulong na biswal tulad ng webbing ng mga konsepto

2. naisasaayos ang mga pangyayaring narativ nang kronolohikal

**Paunlarin**

Nasa ibaba ang *concept web* tungkol sa panlahat na paksang "Ang Mga Bata sa Marikina" (Hango mula sa IBON Facts & Figures, June 30, 2001).

Bumuo ng talata tungkol sa mga konsepto o informasyong ipinapakita ng mga parirala sa *web.*




Isang talataan ang maaaring katulad nito sa ibaba. Kahawig ba nito ang nabuo mo?

Ang Barrio Malanday ay isang komunidad sa Marikina River na dahil sa kalapitan nito sa tubig ay binabaha kung tag-ulan. May mga 80 – 100 na familyang nakatira ditto. Bawat familya ay may 4 – 5 anak na katulong ng mga magulang sa paghanap – buhay. Ang ikinabubuhay nila ay paggawa ng sapatos. Kilala ang Marikina sa produksyon ng sapatos.

O, ayan natapos mo nang lahat ang pagsasanay sa Sub-Aralin 2. Pagbati!

## Sub-Aralin 3:

## Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Inilahad ng Teksto

**Layunin:** Sa pamamagitan ng sub-araling ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. naiuugnay ang pansariling karanasan na malapit sa karanasang inilahad sa teksto
2. nakabubuo ng usapan o dayalog ng mga tauhan batay sa sitwasyon
3. nakagagamit ng mga salitang hango sa ibang wika at natatapatan ng salitang Filipino

**Alamin**

Kung nagsa-*shopping* kayo ng mga magulang o mga kapatid mo, maging ng mga kaibigan mo, anu-anong seksyon ang gusto mong puntahan? Sa mga kasuotan ba? Sa mga sapatos? Bags? CDs at DVDs at mga tapes na musical? Tumitingin ka ba sa mga *brand name*? Hinahanap mo ba ‘yung *brand* na *imported* o tumitingin ka rin ng lokal na *brand*?

**Linangin**

Sige, basahin mo ang teksto at alamin ang hamon sa mga kabataang katulad mo kaugnay ng pagsa-s*hopping*.

**Tangkilikin Produktong Pinoy**

Sa pagtatapos ng Second Buy Pinoy Trade Fair and Exhibit sa SM Megamall, isang kilalang megamall, naging panauhing tagapagsalita si Jose de Venecia, ang pangunahing ispiker ng Mababang Kapulungan ng Kongreso. Hinikayat ng ispiker ang mga konsumer ng Pilipino na bumili ng mga produktong yari sa Pilipinas para makatipid at makalikha ng mga trabaho sa kanayunan sa gitna ng paghina pangglobal. Hinamon din niya ang mga lokal na industriya para lalo nilang palawakin ang mga produkto at pagbutihin pa ang pagkilos sa pakikipagkompetensya sa mga prodyuser na dayuhan. Idinagdag pa niya, “Dapat nating ipagpatuloy na pagyamanin ang mga sariling likha. Walang ibang magmamahal sa ating bayan kundi tayong mga Pilipino”.

Nagkakaisa ang ispiker at mga industriyalistang dumalo sa seremonya na ang pagbuo at ekspansyon ng maliliit at midyum na industriya ay isang tugon sa kakulangan ng mga trabaho. Buhat dito, maikokomberte ngayon ito sa paglikha ng mga bagong trabaho at paglaon ay ang pagtaas ng kapasidad sa pamimili para sa milyong mga Pilpinong konsumer.

Nanawagan din ang Federation of Filipino-Chinese Chambers of Commerce and Industry, Inc. (FFCCCII) na paangatin ang kamalayan ng publiko. Sinabi rin ng organisasyon na tangkilikin ang mga produktong yari ng Pinoy para makatulong sa pagpapanatiling buhay ng mga lokal na industriya at makasulong ang ating ekonomiya. Tinuran pa ng bise presidente ng FFCCCII at tagapangulo ng Buy Pinoy Movement Ad Hoc Working Committee, “Ang tumataas na benta ay hinihikayat sa mga negosyanteng Pilipino na magprodyus pa ng mga produktong kayang bilhin ng marami at may mas mabuting kalidad at mga serbisyo tungo sa pagiging *globally competitive* natin”.

Ang mga *entrepreneur* na Pilipino sa kasalukuyan ay nahaharap sa matinding kompetisyon dala ng pagbaba ng tarifa, at sa komitment ng bansa sa World Trade Organization. Dahil dito, nagiging madali ang pagpasok sa bansa ng mga imported na produkto na lumalabas na mas mababa pa ang presyo kaysa mga produktong gawa sa sariling bayan. Ang pagkahibang din ng mga Pilipino sa mga produktong imported at gawa sa ibang bansa ay lalong nagpapahina sa mga produktong gawang Pinoy. Subalit binanggit din ng bise presidente ng FFCCCII na hindi lamang Pilipinas ang dumadanas ng resesyong ekonomiko pagkatapos ng atake ng mga terorista sa Estados Unidos kundi pati na rin ang mga pangunahing partner natin sa kalakalan.

**(Hango sa *Buy Filipino products, JdV urges*, Manila Bulletin, Disyembre 4, 2002)**

***Siguro, familyar na familyar sa iyo ang paksa ng teksto sa itaas, ano? Tiyak, marami kang maibabahaging karanasan.***

O, nakita mo ang diwa ng teksto na humihikayat sa lahat na tangkilikin ang mga likhang lokal, hindi laging 'yung mga angkat sa ibang bansa ang bibilhin. Nalaman mo na maging ang mga namumuno sa pamahalaan ay nagsasabing importanteng mga Pilipino mismo ang magtulungan sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

May mga salita sa teksto na hango sa ibang wika, partikular sa Ingles. Bago natin pag-usapan ang nilalaman ng babasahin, pag-aralan muna natin ang kahulugan ng mga salitang hiram. Ibigay ang pinagmulang salitang Ingles ng mga salitang Filipino na nasa Kolum A. Pagkatapos, hanapin sa Kolum B kung alin ang kahulugan ng bawat salita sa Kolum A.

| Kolum A | Salitang Ingles | Kolum B |
|---|---|---|
| 1. konsumer | | a. pangunahing kongresista |
| 2. ispiker ng Kongreso | | b. grupong gumagawa ng mga bagay na mabibili |
| 3. prodyuser | | c. bagay na yari sa ibang bansa |
| 4. industriya | | d. buwis |
| 5. produkto | | e. mamimili |
| 6. imported | | f. paglawak |
| 7. ekspansyon | | g. pangkabuhayan na namumuhunan at gumagawa |
| 8. tarifa | | h. anumang yaring bagay/yaring lokal o dayo |
| | | i. gawaing pang-organisasyon |

Tingnan mo nga kung kahawig nito ang mga sagot mo.

| Talasalitaan | Salitang Ingles | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1. konsumer | consumer | e. |
| 2. ispiker ng Kongreso | Speaker of the House | a. |
| 3. prodyuser | producer | b. |
| 4. industriya | industries | g. |
| 5. produkto | products | h. |
| 6. imported | import | c. |
| 7. ekspansyon | expansion | f. |
| 8. tarifa | tariffs | d. |

May mga salita pa bang di mo nauunawaan? Ano ang kahulugan ng *entrepreneur*? Nakita mo ba ito sa diksyunaryo? Kung walang diskyunaryo, patulong ka sa iyong guro.

Pumunta na tayo sa nilalaman ng teksto. Tingnan kung naunawaan mo ang binasa.

1. Saan naging panauhin ang Ispiker ng Mababang Kapulungan?

2. Anu-ano ang sinabi niya sa mga konsumer at prodyuser sa trade fair?

3. Para sa ispiker at industriyalista, paano magkakaroon ng maraming trabaho ang mga Pilipino?

4. Bakit importante ang FFCCII sa kalakalan?

5. Nakabuti ba o nakasama ang pagsali ng Pilipinas sa World Trade Organization? Bakit?

Ganito ba ang mga sagot mo?

1. Sa pagtatapos ng Second Buy Pinoy Trade Fair and Exhibit, nagging panauhin si Jose De Venecia, ispiker ng Mababang Kapulungan.

2. Hinikayat niya ang mga konsumer na bumili ng mga produktong lokal at mga prodyuser ang lumikha ng mga gawang pantapat sa global na pamilihan.

3. Para sa kanila, kailangang bumuo at magpalawak ng maliliit at midyum na industriya para dumami ang trabaho sa bansa.

4. Importante ang FFCCC11 para iangat ang kamalayan ng publiko sa pagtangkilik sa sariling produkto at nang makasulong ang lokal na industriya natin na puwedeng lumaban sa mga yari sa ibang bansa.

5. Hindi nakabuti sa lokal na ekonomiya natin ang WTO na sinalihan. Madaling nakapapasok sa bansa ang mga angkat na produkto at nagkakaroon ng kompetensya sa mga lokal na prodyuser. Gustung-gusto ng Pinoy ang imported kahit na peke kaya hind mabili ang yaring Pinoy.

Maraming katotohanan sa balitang binasa mo ang tungkol sa mga pananaw ng mga Pinoy sa pamimili at sa ekonomiya sa pangkalahatan. Tsekan mo nga kung alin dito ang may katotohanan batay sa mga karanasan mo.

a. Mas gusto ng Pinoy bumili ng produktong may kilalang marka, 'yun bang <u>branded.</u>

b. Kasi raw, mas matibay kahit medyo mas mahal kaysa lokal 'yung branded.

c. Huwag nga lang mapepeke ka, maraming imitasyon sa mga panindahan sa tabi-tabi.

d. May mahigpit na kompetisyon ang mga lokal na prodyuser sa mga imported na produktong pumapasok sa bansa.

Siguro tsinekan mo ang lahat ng titik ano? Tama, lahat ay nagsasabi ng katotohanan sa buhay-Pinoy kaugnay ng pamimili.

Pag-aralan mo naman ang isang sitwasyon. Pansinin ang katangian ng mga nag-uusap at paksa ng pag-uusap, gayundin ng tagpuan. Ganito ang paggawa ng usapan o dayalog.

Nagpaplanong mamili sina Patty at Lorna para sa kanilang *class party* habang nasa kantina sila ng paaralan. Pinag-uusapan nila ang bibilhing mga gamit sa parti. Gusto ni Patty na sa Ukay-Ukay sila mamili. Mura daw kasi, lalabhan naman muli ang blusa at paldang kailangan niya. Gusto ni Lorna na sa *mall* sila mamili ng isusuot sa parti. Gusto niya kasi may brand dahil nakakahiya raw kung hindi kilala ang brand. Igawa sila ng diskusyong padayalog.

Nasa kantina sina Patty at Lorna isang hapon.

Patty: O, kelan tayo mamimili ng susuot natin para sa class party natin?
Lorna: Oo, nga. Gusto mo sa Saturday na? Saan tayo magsa-shopping?
Patty: Sa Ukay-Ukay tayo pumunta. May alam ako. Mainam doon, mura.
Lorna: E di ba mga luma na ang tinda doon?
Patty: E, di pumili tayo ng hindi mukhang luma. Basta ibibilad muna natin sa araw para maalis ang amoy at labhang mabuti. Kailangan ko ng palda at blouse.

Lorna: Ay, ayoko doon. Gusto ko sa mall. Para naman may style. Nakakahiya naman kung hindi branded ang isusuot ko.

Patty: Ay, naku. Sige na nga. Samahan mo ako sa Ukay-Ukay at sasamahan kita sa mall.

O, may napansin ka bang mga salitang hiram sa Ingles? Paano mo ito ipapahayag sa Filipino? Nakita mo ba ang mga sinalita ng nag-uusap na <u>class party</u>, <u>Saturday</u>. <u>shopping</u>, <u>blouse</u>, <u>branded</u>, <u>mall</u>? May mga katapat ba silang lahat sa Filipino? Ibigay mo nga.

Ganito ba ang sagot mo?

Saturday – Sabado blouse – blusa class party – pagdiriwang ng klase

Hindi lahat ay may katapat sa Filipino, di ba? Mas malinaw kung hihiramin ang <u>shopping</u> (syaping), <u>branded</u> at <u>mall</u>.

Nakita mo ang dayalog. Kaya mo na bang sumulat ng isa?. Basta intindihin ang sitwasyon, sinu-sino ang nag-uusap, saan sila nag-uusap, at ano ang pinag-uusapan. Importante rin alamin kung paano sisimulan ang dayalog, paano idedevelop ang usapan at paano magtatapos ito. O, handa ka na ba sa pagsasanay. Tingnan ko kung kaya mong igawa ng usapan ang susunod na sitwasyon.

Sitwasyon:

Nasa *shopping center* sina Elmer at Darius dahil kailangan nilang mamili ng pandekorasyon sa klasrum nila. Sila ang nautusang mamili ng mga palamuting pamasko. Nagtatalo sila sa mga pipiliing dekorasyon. Gusto ni Elmer ang parol na yaring Pampanga kasi popular itong bayan sa ganoon. Kulang daw ang pera nila kaya iminungkahi ni Darius na gumawa na lang ang klase. May alam siyang bilihan ng mga papel, kawayan, glue at mga pang-ilaw. Ayaw ni Elmer, kasi baduy daw, hindi *class*. Sisikapin ni Darius na kumbinsihin si Elmer.

**Gamitin**

O, naunawaan mo ba ang aralin?

Ngayon, subukan natin kung mailalapat mo ang iyong natutuhan.

May programa ang isang kapisanan sa inyong paaralan. Tinawag ang proyekto nila na BUY PINOY at plano nilang magdispley ng eksibit. Kung ganito ang tema ng kanilang proyekto, anu-ano kaya ang dapat na maging ideya/kaisipang ikokonsidera ng kapisanan? Lagyan ng ☺ ang mga bilang na inaakala mong makatotohanang maglalarawan ng tema ng BUY PINOY ng kapisanan.

O, handa ka na ba? Sige, basahing mabuti ang bawat aytem ha?

____ 1. Gumawa ng poster na may mga banyagang bumibili ng *native goods* ng Pilipino.

____ 2. Magdispley ng mga *T-shirt* na may magagandang tanawin ng New York, Hawaii, San Francisco at Washington, D.C.

____ 3. Ilabas lamang ang mga bag, *slip on* o tsinelas, *wallet* na yari sa Tsina at Taiwan.

____ 4. Magpatugtog ng awitin ni Aiza Seguerra at kilalang artistang Pilipino.

____ 5. Magpaskil ng mga larawan ng magagandang produkto sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas.

____ 6. Piliing magbenta ng mga produkto mula sa Mindanaw at Visayas lamang.

____ 7. Taasan ang presyo ng mga produktong imported para mabili ang lokal na gawa.

____ 8. Magdala ng mga produktong ukit mula sa Paete, gayundin ng mga taka o papier maché na gawa.

____ 9. Tapatan ng *branded* na produkto ang bawat *native product*.

____10. Magpamigay ng mga *shopping bag* na yari sa banig, abaka, katsa, at iba pa.

O, ganito mo bang sinagot ang mga tanong sa itaas?

May ☺ ang mga bilang na 1, 4, 5, 7, 8, 9, 10.

**Subukin**

Basahin ang isang entri sa talaarawan ng isang kabataang katulad mo. Pagkatapos, isulat kung alin sa mga bahagi nito ang kanarasan mo rin sa isang pamamasyal mo sa anumang lugar sa paligid mo. Sumulat ng isang talatang pang-entri sa talaarawan. Ang talaarawan ay pagsulat ng anumang karanasang totoo sa iyo. Para sa iyo ang pagsulat dito. Pero puwede mo rin namang ibahagi sa guro mo ang nilalaman nito. Okey ba sa iyo?

*Nobyembre 5*

*Dear Diary,*

*Kahapon ay isinama ako ng Auntie ko sa Intramuros, ang tinatawag na "Walled City" at dito ay bakas pa ang impluwensya ng Kastila sa ating panahon. Ang magandang napasyalan namin dito ay ang mga eksibit ng produktong gawa sa CALABARZON. Ang daming produktong gawa sa mga probinsya ng rehiyon. Gustung-gusto ko ng buko pie ng Laguna, ng panutsang may mani na gawa sa Batangas. Marami rin kaming nabiling native bags at souvenir items. Sana ganito kasagana sa ibang probinsya natin at maraming mamimili para kumita naman ang mga gumawa nito.*

Isulat mo sa ibaba ang iyong entri sa talaarawan mo na nagpapahayag ng karanasan sa isang paglalakbay o pamamasyal. Tiyak nagsasabi tio ng ilang katotohanang naobserbahan mo.

Ipakita mo sa guro ang isinulat mo.

**Lagumin**

Pagkatapos ng mayamang pagsasanay, inaasahang natutuhan mo nang malalim ang mga sumusunod na kasanayang pangwika:

1. naiuugnay ang pansariling karanasan na malapit sa karanasang inilahad sa teksto

2. nagagamit ang mga salitang hiram sa Ingles ay nahahanapan ng katapat sa Filipino

3. nakasusulat ng dayalog ayon sa hinihingi ng sitwasyon

**Paunlarin**

Bilang panghuling pagsasanay, sikaping unawain ang kagandahan ng isang tuklas sa transportasyon na hango sa **www.gov.ph / The Official Government Portal of the Republic of the Philippines.** Humandang sagutin ang ilang tanong pagkatapos. Handa ka na ba?

**Magandang Balita: 900 na vehikulo ng gobyerno gumagamit na ng coco-diesel!**

Inireport ng Department of Energy (DOE) na may 900 vehikulo ng gobyerno ang nagsimula nang gumamit ng 1 porsyentong *coco-methyl* (CME) *blend* para nakatugon ang gobyerno sa programang pagdevelop ng alternatibong hanguan ng gas para sa sektor transportasyon.

Ang CME, isang materyal na hango sa *coconut oil,* ay ginagamit bilang *diesel additive* o *blend* o panghalo. Isa itong pinakamahusay na pampatakbo ng makina ng sasakyan, environment friendly fuel, wika nga sa Ingles.

Ayon sa DOE, ang paggamit ng CME bilang pandagdag sa *diesel* ay nagreresulta ng mas mabuting *combustion* o pagningas, nababawasan ang pagbubuga ng usok at higit na nagiging mabuti ang takbo ng makina ng sasakyan.

A. 1. Ano ang alternatibong hanguan ng gas sa pagpapatakbo ng mga sasakyan?
2. Paano ito nakabubuti sa kapaligiran natin, environment friendly, 'ika nga?
3. Gaano karami na ang gumagamit nitong CME?

B. 1. Maibibigay mo ba ang pinaghanguang salitang Ingles ng mga sumusunod?
a. vehikulo _______________
b. programa _______________
c. alternatibo ______________
d. transportasyon ___________
e. makina _________________

C. 2. Kaya mo naman bang tapatan ng Filipino ang mga sumusunod?
a. coconut oil ______________________
b. environment friendly ________________
c. blend ______________________
d. department _________________
e. energy _________________

Ganito ba ang sagot mo?

A. 1. Ano ang alternatibong hanguan ng gas sa pagpapatakbo ng mga sasakyan?
   2. Paano ito nakabubuti sa kapaligiran natin, environment friendly, 'ika nga?
   3. Gaano karami na ang gumagamit nitong CME?

B. 1. Maibibigay mo ba ang pinaghanguang salitang Ingles ng mga sumusunod?
   - a. vehikulo - vehicle
   - b. programa - program
   - c. alternatibo - alternative
   - d. transportasyon - transportation
   - e. makina - machine

C. 2. Kaya mo naman bang tapatan ng Filipino ang mga sumusunod?
   - a. coconut oil – langis ng niyog
   - b. environment friendly – mabuti sa kapaligiran
   - c. blend - halo
   - d. department – kagawaran, departamento
   - e. energy – lakas, enerhiya

Binabati kita sa iyong masikhay na pag-aaral nang indipendyente. Pagpalain ka.

Ngayon naman ang panghuling pagsubok mo para sa modyul na ito!

## *Gaano ka na kahusay?*

**Ngayon ay panahon na upang alamin natin** kung marami kang natutuhan sa modyul na ito. Sagutan mo ang pangwakas na pagsusulit na ito.

A. Kahulugan ng Salita sa Konteksto Nito

Piliin ang tamang kahulugan ng salitang may salungguhit mula sa kahon sa ibaba. Tandaang sa hiwalay na papel isulat ang mga sagot.

1. Napapatulala sa problema ang ibang tao dahil parang walang solusyon para dito.

2. Kaya ako nag-aaral kasi ayokong matawag na kawawang mangmang.

3. Dapat ay may pinag-aralan ka at nang hindi ka apak-apakan ng iba.

4. Sinisiyasat ang *lifestyle* ng mga politiko tulad ng pag-alam sa kanilang ari-arian at negosyo para malaman ang may maluhong pamumuhay.

5. Isang narativ ang telenobela, kaiba sa isang editoryal sa dyaryo.

| | |
|---|---|
| aapihin | di nakapag-aral |
| kuwento | matipid |
| napapatunganga | magastos |

B. Tekstong Informativ at Narativ

Isulat ang **N** kung narativ o pasalaysay ang bawat bilang; isulat naman ang **I** kung informativ.

____ 1. Kaylungkot ng kabukiran. Kung maiiwan lamang niya ang pagpapaani ay iniwan na sana. Kinabukasan din ay aalis siya upang magbalik sa masayang Maynila.

____ 2. Ayon sa DOLE naragdagan ang empleyado sa malalaking korporasyon sa Pilipinas.

____ 3. At si Andong ay nagbalik uli sa dating kalagayan. Minsa'y dumulog sa dating pinagtratrabahuhan, nagmamakaamong papasukin muli, ngunit hindi nangangailangan ng tao kaya siya'y hindi natanggap.

____ 4. Ang kauna-unahang international master sa chess sa Asya ay isang Pilipino. Siya si Rodolfo Cardoso na tubong Anda, Pangasinan.

____ 5. Isang pangunahing dahilan sa pagtaas ng halaga ng langis ay ang pang-ekonomiyang paglawak ng China na nagpadagdag sa pangangailangan ng langis sa daigdig. Tumataas din ang paggamit sa India at patuloy na nakikihati sa Asya ang Estados Unidos para sa suplay.

____ 6. Patuloy na naghintay si Leonora sa pagbabalik ng minamahal na prinsipe.

____ 7. Grabe ang air pollution at dapat lamang na hindi na mag-atubili ang pamahalaan sa pagpapatupad ng Clean Air Act.

____ 8. Sinusuri pa rin ng DepEd ang mga librong may maling informasyon. Magpupulong muli ang mga ebalweytor ng mga materyal na panturo sa susunod na linggo. Pagkatapos, gagawa ng mga hakbang ang pamunuan para hindi na maulit muli ang nangyari.

____ 9. Tatlong Filipino pupil ang nagwagi sa isang world painting competition sa Athens, Greece at tumanggap ng mga medalya ng karangalan. Mapapalad na nakapag-uwi ng medalya sa naganap na 10th International Exhibition of Childrens' Painting sa Athens, ayon sa Department of Foreign Affairs.

___ 10. Nagtapos ako sa Cecilio Apostol Elementary School. Ang tatay ko'y taga-Hagonoy, Bulacan. Magaling mag-Tagalog ang tatay ko; ang mga lolo ko, ang Impong Paciang ko, naku, ang ganda-gandang managalog.

C. Salita/Parirala na Nagpapahayag ng Dami/Lawak, Lokasyon/Direksyon

Basahin ang bawat bilang. Piliin ang mga salita/parirala na pahayag ng dami o lawak at markahan ng **Dami** o **Lawak**, ang mga salita/parirala na nauugnay sa lokasyon o direksyon na mamarkahang **Lokasyon** o **Direksyon**. Pagkatapos, uriin ang bawat sagot kung ekspresyong **tiyak** o **di tiyak**. Maaaring higit sa isang sagot bawat ekspresyon ang makikita.

Sundin ang halimbawang ito.

***May minanang lupaing 10 hektarya ang magulang nina Kyla at Marty.***
Sagot: 10 hektarya – Dami/Lawak, tiyak.

1. Kung ang mga nagrarali hindi man lang makatuntong sa Chino Roces Bridge sa Mendiola, Maynila kahapon, tinulak ni Fr. Robert Reyes, ang running priest, ang kanyang kaisa-isang kariton sa Mabini Hall ng Malacañang.

2. Nagtala ng 1.9 porsyentong pagtaas sa lakas-paggawa ang 3,300 na pinakamataas na korporasyon sa Metro Manila mula Abril hanggang Hunyo, 2004.

3. Sinakop ng serbey mula Hulyo hanggang Agosto ang 500 kumpanya, ngunit 476 lang ang tumugon.

4. Ayon sa Alliance of Concerned Teachers, sa isang taon ay aabot sa 60,000 ang pagkukulang sa mga guro at humigit-kumulang na 50,000 naman sa silid-aralan, batay sa inilabas ng DepEd sa budget hearing ng kongreso.

5. Mas mataas daw ito kaysa kakulangan ng kasalukuyan 39,535 na guro at 51,947 na klasrum.

6. Ang kakulangan ng klasrum at titser ay mangangahulugan ng dalawang bagay sa edukasyon – mas malalaking bilang ng estudyante bawat klasrum at mas maraming oras ng pagtatrabaho. Magiging larawan ito sa iba't ibang rehiyon sa bansa.


7. Sa ganitong hinaharap importante rin na matuto ang lahat ng mag-aaral na maging malikhain sa dalawahan o magkakapares na pag-aaral o kung kaya ay pangkatan. Ang bawat sulok ay paaralan ay gawing aralan.

8. Alam mo ba na ang dengue, kilala ring "Breakbone Fever", ay isang viral infection na matatagpuan sa 100 bansa at nagdudulot ng mga kalahating milyong pasyente sa pagkarami-raming hospital. Nagdudulot din ito ng milyun-milyong kamatayan bawat taon.

9. Ayon sa National Epidemiology Center, may 2,332 kaso ng dengue sa loob ng unang anim na buwan sa taong 2004 na inireport sa mga hospital sa buong bansa.

10. May pinakamaraming kaso ng dengue sa NCR, Rehiyon III, Rehiyon V at Rehiyon VII. Ang mga nabibiktima ng epidemyang ito ay 'yung nasa edad 1 buwan hanggang 75 taon.

D.  Ang *concept webbing* ay isang paraan ng paghahatid ng mensahe sa biswal na paraan.  Ilipat ang mensaheng hatid nito sa anyong talataan. Nasa loob ng bilog ang panlahat na paksa.




Maari ka nang humakbang patungo sa susunod na modyul.  Malugod kitang binabati!



Susi sa Pagwawasto

Modyul 10
Pagpapahayag ng Kaalaman
sa mga Tekstong Narativ
at Informativ

A. Kahulugan ng salita sa konteksto nito

1. napapatunganga 2. di nakapag-aral 3. aapihin 4. magastos 5. kuwento

B. Tekstong Informativ at Narativ

| | |
|---|---|
| 1. N | 6. N |
| 2. I | 7. I |
| 3. N | 8. N |
| 4. I | 9. I |
| 5. I | 10. N |

C. Salita/Parirala sa pahayag ng dami.lawak, direksyon/lokasyon

1. Chino Roces Bridge, Mendiola, Maynila - lokasyon, tiyak, kaisa-isa – dami, tiyak
   Mabini Hall, Malacañang – lokasyon, tiyak
2. 1.9 porsyento – dami, tiyak/ 3,300 – dami, tiyak
3. 500 kumpanya - dami, tiyak/ 476 – dami, tiyak
4. 60,000 – dami, tiyak/ humigit-kumulang sa 50,000 – dami, di tiyak
5. 39,535 guro – dami, tiyak/ 51,947 klasrum – dami, tiyak
6. dalawang bagay – dami, tiyak/ mas maraming oras – lawak, di tiyak
   iba't ibang rehiyon – lokasyon, di tiyak
7. dalawahan o magkakapares – lawak, tiyak/ pangkatan – lawak, di tiyak
8. isang viral infection – dami, tiyak
   mga kalahating milyon – dami, di tiyak
   milyun-milyong kamatayan – dami, di tiyak
9. 2,332 kaso – lawak/dami – tiyak/ unang anim na buwan - lawak, tiyak/
   buong bansa – lokasyon, tiyak
10. pinakamaraming kaso – lawak, di tiyak
    NCR, Rehiyon 111, Rehiyon V, Rehiyon V11 – lokasyon, tiyak

D. Talata mula sa concept webbing tungkol sa "Mga Batang Manggagawa"

Ang mga batang tumutulong sa paggawa sa mga magulang ay klasifikong di bayarang manggagawa ng familya. Pagkatapos ng klase, tagadikit sila ng sapatos, tagagupit ng mga suwelas ng sapatos at tagatahi ng mga butas para sa sintas o tali ng sapatos.